# AEON at MEWTRONIX

## ISANG KWENTO SA HINAHARAP



COPENHAGEN INSTITUTE FOR FUTURES STUDIES


unesco Chair


TEACH THE FUTURE


Pagbati sa inyo, mga eksplorer at kuryoso! Ako si Mewtronix, ang iyong gabay at kaagapay. Sa malapit na hinaharap, tayo ay maglalakbay para bisitahin ang aking kaibigan na si Aeon sa makulay na lungsod ng Futropia. Ang mundo ni Aeon ay pinaghalong pamilyar at nakakagulat, isang sulyap sa kung ano ang maaaring mangyari sa hinaharap.
Naisip mo na ba kung kailan nagsisimula ang hinaharap? Ito ay nagsisimula ngayon mismo sa iyong imahinasyon. Ito ay isang istorya na sabay-sabay nating ikinukuwento, kung saan ang mga desisyon natin ay ginagawang "wow tingnan mo!" ang mga "paano kung". Handa ka na bang galugarin ang Futropia?
Kasama si Aeon, matututunan mong tingnan ang hinaharap sa panibagong paraan, at matutuklasan mo ang malapit at malalayong hinaharap. Ang hinaharap ay hindi pa naitatakda, at sama-sama nating titingnan kung paano mo ito maiimpluwensyahan. Tatapusin natin ang ating paglalakbay sa pagsisikap na maunawaan kung paano maaaring tingnan ng iba ang hinaharap at tuklasin kung ano ang itsura magandang kinabukasan.

# 1. Maligayang pagdating sa hinaharap
# – Mga abot-tanaw na panahon

Maglakbay-panahon tayo sa lungsod ni Aeon, ang Futropia! Habang pauwi mula sa paaralan, iniisip ni Aeon kung kailan nagsisimula ang hinaharap. Si Aeon ay nasasabik pero medyo hindi sigurado sa kanyang sariling kinabukasan. Ano ang nararamdaman mo kapag iniisip mo ang hinaharap?




Tumutugtog ngayon: GrooveAI
Aeon, pakiusap umalis ka na para makauwi para sa hapunan. Hindi mo kayang bayaran ang pagsakay sa robot. Iminumungkahi ko itong ruta na dadaan sa parke.
Hoy, ingat, bumperbot!
Ang hinaharap ay maaaring hatiin sa tatlong personal na abot-tanaw na panahon. Ang pagdaan sa pang-araw-araw na buhay at paggawa ng mga bagay tulad ng mga pagsusulit, mga gawain o pag-uwi sa oras para sa hapunan ay tinatawag nating **panandaliang hinaharap.**
...nagbabalita ng unang sanggol na ipinanganak mula sa isang artipisyal na sinapupunan...
Maligayang pagdating, anak! Kumusta ang araw mo sa paaralan?
Running low: -Insects -Seaweed -Tomatoes -Pasta -Kefir
ORDER NOW
Pinag-usapan namin ang hinaharap sa klase, at naisip ko na hindi ko alam kung ano ang gusto kong gawin kapag matanda na ako.
Medyo mahirap ngang malaman kung ano ang gusto mong gawin sa hinaharap. Kapag iniisip mo kung ano ang gusto mong maging, iniisip mo ang tungkol sa **gitnang-tanaw na hinaharap**. Ito ay limang taon o higit pa mula ngayon. Maaaring hubugin ng ating mga desisyon kung ano ang kalalabasan nito.


Sa nalalapit na panahon, lahat tayo ay maaaring magkaroon ng hydroponics sa ating mga kusina! Ito ay tulad ng isang espesyal na inumin para sa iyong halaman na kumpleto ang sustansya na kailangan nito sa halip na gumamit pa ng lupa.
Kapag iniisip kung paano maaaring magbago ang lipunan pag tanda natin, iniisip natin ang **pangmatagalang hinaharap**.Para itong pagpipinta ng mga larawan ng maaaring mangyari sa hinaharap.
Alam mo, hindi naman kailangang masyadong nakakatakot ang hinaharap...
Anong ibig mong sabihin?
Ang iyong lola ay isang futurista. Inialay niya ang kanyang buhay sa pagtulong sa mga tao na isipin at galugarin ang hinaharap. Sandali lang.
Ito ang dati niyang toolbox ng mga tala at pagsasanay. Tingnan mo, sigurado ako na makakahanap ka ng mga interesanteng bagay dito.
FUTURES JOURNAL
Tingnan mo! Puno ito ng mga tala at modelo na makakatulong sa iyo na mag-imadyin.
Aba! Mukhang masaya ito. Dadalhin ko ang journal para tuklasin ang hinaharap.
Ano ang itsura ng iyong mga abot-tanaw na hinaharap?
Panandalian?
Gitnang-tanaw?
Pangmatagalan?
Maglaan ng panahon upang pag-isipan ang iyong mga **panadalian, gitnang-tanaw at pangmatagalang hinaharap**. Anong nakikita mo sa doon?

## Ano ang nakikita mo sa iyong abot-tanaw na hinaharap - panandalian, gitnang-tanaw, at pangmatagalan?

PANANDALIAN

Halimbawa: Takdang-aralin, mga gawain pagkatapos sa eskwela, kagaya ng soccer, pagbangon sa oras.

GITNANG-TANAW

Halimbawa: Pagpili kung ano ang susunod na pag-aaralan, mga bagong relasyon, kapana-panabik na mga bagay na dapat gawin, 5 taon o higit pa mula ngayon.


PANGMATAGALAN

Paano nagbabago ang mundo, gaya ng kung paano nakikipag-ugnayan ang mga tao sa isa't isa pag matanda ka na.


# 2. Mga imahe ng hinaharap

## - Ang imahinasyon ay nag uudyok ng pagkilos at pagbabago




Ngayon, titingnan natin kung paano naisip ng mga tao ng nakaraan ang kanilang hinaharap. Paki-on ang iyong mga headset.
Ano sa palagay mo ang magiging hitsura at pakiramdam sa lungsod ng hinaharap?
Ang mga larawang ito ay nagpapakita kung ano ang inisip ng mga tao noon tungkol sa hinaharap. Naiimpluwensyahan ng maraming bagay kung paano natin iniisip ang hinaharap, tulad ng nakikita natin sa mga pelikula, pop culture, at media, gayundin sa ating mga magulang, mga pulitiko, at iba pang nakapaligid sa atin.
Hmm, mayroong mga matatayog na gusali at patayong pagsasaka, ngunit ang ideya ng mga lumilipad na sasakyan ay medyo malayo pang mangyari. Para tayong nabubuhay sa gitna ng nakaraang imahinasyon at kasalukuyang katotohanan.
Tulad ng pag-eensayo natin sa pagtugtog ng isang instrumento para gumaling, kailangan nating magsanay gamit ang ating imahinasyon para matutunan kung paano yakapin ang pagbabago ng panahon.
Ngayon, nakita mo na kung ano ang inisip ng ibang tao na magiging hitsura sa ating panahon. Ano ang nakikita mo kapag iniisip mo hinaharap?
Pinagmulan: Our World in Data, ourworldindata.org
Taunang antas ng paglago ng mundo
Kabuuang populasyon ng mundo
600 milyon
1 bilyon
2 bilyon
2.5 bilyon
5 bilyon
8 bilyon
9.7 bilyon
10.43 bilyon
1700
1750
1800
1850
1900
1950
2000
MGA MEGATRENDS
paglaki ng populasyon
urbanisasyon
pagpapanatili
tuon sa kalusugan
ekonomiya ng serbisyo
AI at automation
Ano kaya ang magiging hitsura ng mundo sa hinaharap kung ang mga pagbabagong ito ay magpapatuloy?
Ang mga pagbabago na nakikita mo dito ay tinatawag na **megatrends**. Ang mga megatrends ay malalaking mga nauuso na humuhubog sa hinaharap. Nangyayari ang mga ito sa loob ng maraming taon at maaaring bumago sa kung paano tayo mamumuhay.








Ang **Trayangulo ng Hinaharap** ay gamit para maunawaan ang mga puwersang humuhubog sa ating kinabukasan. Isaalang-alang ang iyong mga pangarap at mithiin para sa mundo (hila). Pansinin kung anong mga nauuso ang nagtutulak sa iyo sa kasalukuyan (tulak), at huwag kalimutan ang mga bagay na maaaring humamon sa iyong pag-unlad (bigat). Makakatulong ito sa iyo para magkaroon ng mas malinaw na pang-unawa sa kung ano ang mga hinaharap na mas malamang mangyari kaysa sa iba.




Tinuklas na ni Aeon ang mga imahe ng hinaharap at mga nauuso. Anong mga imahe at nauuso ang nakikita mo, at paano iminumungkahi ng mga ito ang hitsura at pakiramdam ng hinaharap?

Anong mga imahe at nauuso ang nakikita mo, at paano iminumungkahi ng mga ito ang hitsura at pakiramdam ng hinaharap? Subukang ilagay ang mga ito sa Trayanggulo ng Hinaharap!





Pasasalamat kay: Sohail Inayatullah (2008)


# 3. Perya ng Hinaharap

## – Mga senaryo ng kinabukasan




Ngayon, sinisiyasat ng klase ni Aeon ang isang Perya ng Hinaharap sa parke ng skating - isang pagsilip sa hinaharap na puno ng mga makabagong imbensyon at mga bagong pamamaraan ng pagtatrabaho. Sumali sa kanilang eksplorasyon!


Kumusta! Nakita mo na ba ang pinakabago sa AI? Kalalabas lang namin ng bagong personal assistant.
Ikinalulugod kong makilala ka. Sa tingin ko ay gutom ka. Huwag kang mag-alala, mayroon akong personal na meryenda na darating sa iyo. Makakagawa din ako agad ng playlist ng musika para umayon sa pakiramdam mo...
Paano mo magagawa at malalaman ang lahat ng iyon? Paano ka kaya umaandar...
Kapag nagkukunekta tayo, nalalaman ko ang tungkol sa iyong mga pang-araw-araw na pakikipagsapalaran at mga paboritong gawin, kaya nahuhulaan ko kung kailan ka maaaring makagusto ng meryenda, at kung anong pagkain ang gusto mo sa pamamagitan ng machine learning.
Hmm! Sabi dito na susubaybayan mo ang lahat sinasabi at ginagawa ko-
Ginagawa ka ba talagang matalino nito, o nagkakalkula at nagmumungkahi ka lamang batay sa mga datos?
AEON
Ang ilang tech gadget ay nakakatuwa, at ang ilan ay nagpapadali ng mga gawain. Ngunit hindi lahat ng tungkol sa mga ito ay ganap na mabuti o masama. Paano sa palagay mo ang isang AI assistant ay maaaring gumawa ng mga bagay na kahanga-hanga, ngunit gayundin, ano ang ilang hindi gaanong magagandang bagay tungkol dito?
Mimic Engineering
Maaari mo ba talagang alisin ang plastic sa karagatan at gawing kapaki-pakinabang na bagay?
Gumagawa ang aming mga makina ng mga eco-bricks at mga matalinong materyales.
eco bricks at matalinong materyales
Ano sa palagay mo ang iba pang mga bagay na magagawa natin sa hinaharap?
Panghabang buhay
Ii-streamline ng teknolohiya ang maraming trabaho at io-automate ang iba...
...tulad ng mga drone na naghahatid ng mga parsela sa halip na mga tao.
Ito ay lilikha ng mga bagong trabaho na hindi pa natin naiisip, na nangangahulugang kailangan nating matuto ng mga bagong kasanayan.


Kapag pinagsama-sama natin ang ilang mga pagbabago o nauuso, maaaring magbukas ang hinaharap sa mga bagong paraan. Ang ilang mga kuwento ay maaaring mangyari, at ang iba ay hindi. Sa simulator na ito, mararanasan ni Aeon ang mga kuwentong ito na tinatawag nating 'mga senaryo'.
Senaryo A
Senaryo B
Senaryo C
Medyo mabagal ang lahat dito. Ang mga tao ay nakatira sa mas maliliit na lungsod at sa malapit lang nanggagaling ang kanilang pagkain. Lahat ng tao sa bayan ay magkakakilala, pero wala silang gaanong ugnayan sa mga tao sa mga malalayong lungsod.
Ang teknolohiya ay nasa lahat ng dako! Mga robot at hologram sa isang matalinong lungsod! Ito ay tulad ng pagpasok sa isang pelikulang sci-fi. Dito, datos ang pamalitan, at patuloy na pagsubaybay ang nagbibigay-daan sa lungsod upang umangkop sa mga pangangailangan ng mga mamamayan.
Ang mga gusali ay luntian sa dami ng halaman, pinapagana ng malinis na enerhiya, at lahat ay nire-resiklo. Ang mga komunidad ay nagpapanatili ng kalikasan. Kaya bihirang magkaroon ang mga tao ng mga bagong bagay.
Isipin mong may kakayahang makipag-usap ang mga taong mula sa mga kamangha-manghang senaryo sa hinaharap!
Ano ang hitsura ng paaralan sa iyong hinaharap? Interesado talaga akong malaman kung ano ito!
Maaari tayong matuto ng anuman, sa kahit anumang oras, at mula sa sinuman, kahit saan. Ang lahat ng aming datos ay kinakalap upang ang gobyerno at mga kumpanya ay maraming malaman tungkol sa amin.
Anon naman ang sa inyong dalawa?
Marami kaming natututunan tungkol sa klima, at pag-resiklo. Kung kailangan namin ng mga bagong damit, pumupunta kami sa istasyon ng pagresiklo.
Maliliit ang aming mga klase at natututo kami tungkol sa lokal na agrikultura at iba pang mga bagay na makakatulong sa aming mapanatili ang aming lokal na komunidad.
Ngayong nasulyapan mo na ang ilang potensyal na hinaharap, ano pang mga senaryo ang maaari mong maisip? Isipin kung paano maaaring magbago ang buhay - o manatiling pareho - sa iba't ibang mundo.


Pumili ng isa sa mga senaryo mula sa teksto at subukang isipin kung ano ang magiging pakiramdam kung maninirahan doon. Iguhit at ilarawan kung ano ang magiging hitsura ng iba't ibang kategorya sa ibaba sa senaryo na iyong pinili.

BAHAY ESKWELA MODA PAGKAIN BAKASYON

Subukang gumawa ng sarili mong senaryo.


# 4. Mosaykong Halamanan

## - Pagtingin sa mas malawak na larawan




Ang ating damdamin tungkol sa mga kinabukasang iniisip natin ay kadalasang hinuhubog ng ating mga pag-asa at takot, kuwento at karanasan. Samahan si Aeon at kanyang mga kaibigan sa paglalakbay sa Mosaic Gardens habang ibinabahagi nila ang kanilang mga pananaw sa hinaharap na ginalugad nila.



Ano kaya ang iniisip ng mga tao sa iba't ibang hinaharap tungkol sa kanilang buhay? Naniniwala kaya sila na nabubuhay sila sa isang magandang kinabukasan? Nabubuhay ba ako sa magandang kinabukasan?
Hi Aeon, kumusta?
Anong problema?
Iniisip ko lang ang ilang tanong na nakita ko sa journal ng aking lola. Napapaisip tuloy ako tungkol sa mga bagay na hindi natin pwedeng malaman tungkol sa hinaharap.
Nauunawaan ko. Nag-aalala ako kung saan patungo ang lahat ng teknolohiyang ito, at kung kakayanin ko at ng aking pamilya na makipagsabayan.
Pakiramdam ko na maaari talagang hatiin nito ang mga tao.
Sana ay ma-target ng aking hearing aid ang mga pag-uusap ng aking mga kaibigan kapag napapaligiran kami ng maraming ingay.
Minsan, parang ang hinaharap ay walang masyadong espasyo para sa mga taong naiiba.
GUSTONG HINAHARAP
1. Anong mga hamon ang nakikita mo sa hinaharap?
2. Bakit sa tingin mo nangyayari ang mga ito?
3. Ano ang gusto mong mangyari sa halip nito?
4. Ano ang kailangan nating gawin para maresolba ang mga iyon?
Ang hinaharap ay hindi isang bagay na basta nangyayari na lamang. Ang lahat ay konektado sa isang malaking sistema, patuloy na nagbabago at nakakaimpluwensya sa mga bahagi ng kabuuan.
Kapag ang isang bagay ay nagbago, tulad ng maraming ulan na nagpapalaki ng isang ilog, hindi ibig sabihin na mas mabuti ito sa isda dahil mas marami silang tubig.
Tama, maaari din itong makapagpahirap sa buhay ng mga kuneho at ibang hayop na naghahanap ng mga tuyong lugar upang mabuhay.


Hindi ko kailanman mapapagtanto iyon kung ako lang. Magagawa talaga nating bigyang kahulugan ang hinaharap nang magkakasama!
Napaisip ako... paano ko malalaman kung ang kinabukasan na inaasam ko ay siya ring gusto ng iba? Paano kung ang kinabukasan na pinapangarap ko ay bangungot pala sa iba?
Mapapa-isip ka talaga sa tanong na iyan.
Minsan, inihambing ng iyong lola ang pag-iisip tungkol sa hinaharap sa paglalaro ng video game, ngunit may kaibahan: lahat ay nagsisimula sa iba't-ibang antas depende sa kung nasaan sila sa kanilang buhay.
Para sa ilan, ang pag-iisip sa hinaharap ay maaaring parang pagpaplano ng pakikipagsapalaran, na puno ng mga futuristic na gadget.
Ngunit para sa iba, ang hinaharap ay maaaring tungkol sa paghahanap ng malinis na tubig, kaligtasan, at kapayapaan.
Lahat tayo ay pumapasok sa hinaharap na may iba't ibang pag-asa at takot. Kaya mahalagang isaalang-alang kung paano tayo konektado sa isa't-isa at ibahagi ang ating mga pananaw para sa hinaharap, para matulungan natin ang isa't isa na maabot ang mga pangarap na iyon. Sa paraang ito, maaari nating gawing inklusibo ang mga hinaharap para sa lahat, saan man sila nagsisimula.
Aha! Parang alam ko na kung ano ang pangarap ko para sa kinabukasan. Ito ay hindi isang video game, ngunit isang maunlad na hardin na kailangang alagaan.
Nakikita natin ang mundo, hindi sa kung ano ito, ngunit sa kung sino tayo... Ito ay tulad ng isang kuwentong sama-sama nating isinusulat, na naiimpluwensyahan ng mga ideya at paniniwalang pinanghahawakan natin. Maaari ka bang bumuo ng isang metapora para sa gusto mong hinaharap?

Ano ang hitsura ng iyong gustong hinaharap?
At anong mga hakbang ang maaari mong gawin upang maabot ang hinaharap na iyon?

# 5. Ang regalo mula sa hinaharap

## - Mula sa pag-iisip hanggang sa pagkilos





Si Aeon ay nakaupo sa tabi ng kanyang mesa sa gabi at gumagawa ng takdang-aralin para bukas. Tatlong hakbang ang ibinigay ng guro para mahanap ni Aeon ang daan patungo sa hinaharap. Ngunit nahihirapan si Aeon. Maaari mo ba siyang tulungan?

Hakbang 1: Ipikit ang iyong mga mata, huminga ng malalim, at isiping naglalakad ka sa isang landas. Humakbang ng sampung beses pasulong hanggang marating mo ang isang bakod na nakaharang sa iyong daraanan. Sa likod ng bakod na ito ay ang iyong gustong hinaharap, sampung taon mula ngayon. Dumaan at siyasatin ang iyong hinaharap. Ano ang nakikita mo? Ano ang pakiramdam dito?

Hakbang 2: Nakatagpo ka ng isang sinaunang puno na may mahiwagang pinto. Pumasok sa pinto at hanapin ang hagdanan patungo sa ikaanim na palapag. Sa isang malaking silid, nakita mo ang iyong sarili sa hinaharap. Yumuko nang may paggalang, tumanggap ng personal na mensahe, at tanggapin ito bilang regalo mula sa hinaharap.


Hakbang 3: Umalis sa silid, bumaba sa hagdan, at bumalik sa bakod. Pag-isipan ang mensahe at regalo na iyong natanggap. Ano ang mensahe? Ano ang regalo?


Hanapin ang iyong regalo mula sa hinaharap sa pamamagitan ng pagsunod sa tatlong hakbang - makakatulong ito para sa klase bukas!
Gumising ka Aeon, Ang kinabukasan nagsisimula na
Marami akong iniisip tungkol sa klase ngayon!
Ano ang nasa isip mo, Aeon? Nahanap mo ba ang iyong regalo mula sa hinaharap?
Natagpuan ko ang aking regalo mula sa hinaharap bilang isang bagong paraan ng pag-iisip. Ang huling dalawang araw ay nagturo sa akin na gamitin ang hinaharap hindi bilang isang destinasyon, dahil ito ay palaging nagbabago, sa halip ay isang paraan upang matuto mula sa mga bagong pananaw sa kasalukuyan.
Naisip mo ang tungkol sa hinaharap, at ngayon ay susubukan mong buuin ito.
Baka pwede nating itanong sa kantina kung magagamit natin ang mga basura nila upang gumawa ng mga sampol.
Nasasabik akong makita kung ano ang iyong naisip!
Nakagawa kami ng tinatawag na aditibo sa lupa. Naiintindihan ko na ngayon na ang aking imahinasyon ay ang aking superpower. Kaya ko talagang mag-imbento ng mga bagong bagay, kasama ang aking mga kaibigan!



Gumawa kami ng recorder ng mga panaginip.
Halika at tingnan ang aming tagapagsalin ng wika ng mga alagang hayop!
Ang galing! Parang nililikha natin ang ating kinabukasan gamit ang sarili nating mga kamay.
Bilang pangwakas na gawain, nais kong magsulat ka ng isang liham mula sa iyong mga sarili sa hinaharap, na iniisip kung paano mo nakamit ang iyong mga pangarap at ginawang mas mahusay ang hinaharap para sa mga susunod na henerasyon.
Mahal kong Aeon ng kasalukuyan, sumusulat ako sa iyo mula sa hinaharap...
Mukhang marami kang ginagawang nakakatuwang bagay ngayon!
FUTURES JOURNAL
Ang journal ni Lola ay talagang gumabay sa aking pag-iisip sa hinaharap. Ipinakita nito sa akin na walang nakatala sa bato.
Na kailangan nating tanggapin ang kawalan ng katiyakan, at maaari akong mag-ambag sa pagpili at pagkilos na humahantong sa ating kinabukasan.
Ipinagmamalaki ko ang inisyatiba mo at ng iyong mga kaklase. Dapat nating isaalang-alang kung anong mga uri ng hinaharap ang inaambagan natin, at tiyaking may puwang para sa mga tao at kalikasan.
Lahat tayo ay lumilikha ng hinaharap, sama-sama, araw-araw. Ano ang natutunan mo sa paglalakbay ni Aeon habang naglalakbay ka ng sa iyo? Ang pakikipagsapalaran sa kinabukasan ay naghihintay!

Sumulat ng isang liham mula sa iyong hinaharap
na sarili para sa iyong kasalukuyang sarili.
Anong mga hakbang ang iyong ginawa upang makamit
ang iyong mga pangarap at pagandahin ang kinabukasan?



Mahal na kasalukuyang Aeon,

Sumusulat ako sa iyo mula sa taong 2050. Ang mundo ay mas maliwanag, ngunit maraming pagsisikap ang kinailangan upang marating ito.

Sa kasalukuyan, ang ating pamilya ay nakatira sa isang bahay na gawa lahat sa mga niresiklong materyales. Ang pagiging urban agriculture engineer ay isang kasiya-siyang paglalakbay. Nagkaroon ako ng pagkakataong tulungan ang iba't ibang bahagi ng lungsod na bumuo ng mga sakahan, na nagpapagana ng lokal na produksyon ng pagkain. Tinutulungan ko ang mga tao magka-access sa malusog na pagkain!

Pero nagsimula ang lahat sa isang proyekto sa kantina ng eskwelahan na may mga narerresiklong materyales na ginawa naming aditibo sa lupa. Naging inspirasyon ito sa akin na maging isang kinatawan ng kabataan sa konseho ng lungsod kung saan tumulong akong tiyakin na isinasaalang-alang ng mga proyekto ng lungsod ang mga kabataan at mga susunod na henerasyon.

Huwag kang mag-alala. May tiwala ako sa iyo! Magsaya ka kung kailan kaya. Ang maliliit na hakbang ay nagbibigay daan para sa malalaking pagbabago.

Nandiyan ka ngayon kung saan nararapat.

Paki-alagaan mo ng mabuti si Mewtronix.



### *Tungkol sa mga tagalikha*

Ang cartoon na ito ay nilikha ng Copenhagen Institute for Futures Studies sa pakikipagtulungan ng propesor sa futures studies na si Sohail Inayatullah. Ang inisyatiba na ito ay bahagi ng kilusang Teach the Future at sinusuportahan ng mga donasyon mula sa Knud og Dagny Gad Andresens Foundation at Brødrene Hartmanns Foundation. Ang cartoon ay matatagpuan din sa bersyong Danish, na kasama sa isang pakete ng open-source na materyales sa pagtuturo at mga pagsasanay para sa mga edukador na gustong ipakilala ang mga mag-aaral na may edad na 12 at pataas sa futures thinking.

Mga May-akda:
Nicklas Larsen, Thor Svanholm Gustavfson, Jasmin Cramon, Amalie Mørck, at Sohail Inayatullah
Ilustrador: Alyona Subkhankulova
Salin sa Filipino:Shiela R Castillo

Ang mga may-akda ay responsible para sa pagpili at pagtatanghal ng mga pananaw na nakapaloob sa cartoon na ito at para sa mga opinyon na ipinahayag dito, na hindi nangangahulugang sa UNESCO at hindi ipinapangako ng organisasyon.

Nakalaan ang lahat ng karapatan, Mayo 2024.